Makinig kayo at tumalima kayo sapagkat tanging kailangan sa kanila ang ipinapasan sa kanila at kailangan sa inyo ang ipinapasan sa inyo."}

Ayon kay Wā'il Al-Ḥaḍramīy na nagsabi: {Nagtanong si Salamah bin Yazīd Al-Ju`fiy (malugod si Allāh sa kanya) sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi ito: "O Propeta ni Allāh, nagsaalang-alang ka po ba kung may namahala sa amin na mga pinunong hihingi sa amin ng karapatan nila habang magkakait naman sila sa amin ng karapatan namin? Ano po ang ipag-uutos mo sa amin?" Umiwas siya rito. Pagkatapos nagtanong ito sa kanya sa ikalawa o sa ikatlong pagkakataon. Kaya hinila ito ni Al-Ash`ath bin Qays. Nagsabi naman siya: "Makinig kayo at tumalima kayo sapagkat tanging kailangan sa kanila ang ipinapasan sa kanila at kailangan sa inyo ang ipinapasan sa inyo."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Tinanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa mga pinuno na hihiling ng karapatan nila mula sa mga tao na pagdinig at pagtalima habang nagkakait naman sila ng karapatan na tungkulin sa kanila gaya ng pagkakaloob ng katarungan, pagbibigay ng samsam ng digmaan, at pagwawasto ng mga kaapihan at pagsasaayos. Kaya ano po ang ipag-uutos mo sa amin na gawin namin sa kanila? Umiwas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dito. Para bang siya ay nasuklam sa mga pagtatanong na ito subalit umulit ang tagapagtanong sa kanya sa ikalawa o ikatlong pagkakataon. Kaya hinila ni Al-Ash`ath bin Qays (malugod si Allāh sa kanya) ang tagapagtanong upang patahimikin ito. Sumagot naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagsabi: "Makinig kayo sa sabi nila at tumalima kayo sa utos nila sapagkat tanging kailangan sa kanila ang ipinapasan sa kanila at ang iniatang sa kanila na katarungan at pagbibigay ng karapatan ng nasasakupan at kailangan sa inyo ang ipinapasan sa inyo na pagtalima, pagganap sa mga karapatan, at pagtitiis sa pagsubok."


النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY


لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee